Pandaigdigang Asososasyon sa Kawasaki

# KIAN Kumusta Kawasaki

**Nakalathala sa Wikang Hapon, Ingles, Chinese, Koriya o Tsosen, Espanyol, Portugis, Filipino, Biyetnamis, Taylandis, Indonisya, Nepalis at sa Madaling-Hapon**
Makikita rin sa website ng asosasyon https://www.kian.or.jp/hlkwsk.html

〒211-0033 2-2 Kizuki Gioncho, Nakahara-Ku, Kawasaki-shi, Kanagawa Pref.
Tel:044-435-7000　Fax:044-435-7010　https://www.kian.or.jp/　E-mail：kiankawasaki@kian.or.jp

******************************************************************************************

## Tungkol sa Final Income Tax Return

Kalkulahin ang halaga ng buwis at magfile ng Final income-tax return batay sa halaga ng kinita sa taon mula **Enero 1 hanggang Disyembre 31, 2024**. Mga self-employed, magsasaka o may side job ay kinakailangang mag file ng tax return, ngunit ang mga sumusweldong manggagawa ay hindi na kailangang magfile nito. Gayunpaman, kung naaangkop ang mga sumusunod na kundisyon, kinakailangan ang pag file ng Final Income tax return.

- Sa mga kumikita ng higit sa 20 milyong yen sa 1 taon.
- Sa mga tumanggap ng sweldo mula sa dalawa o higit pang opisina
- Sa mga nagbayad ng Furusato nozei（Kung hindi pa nakagawa ng one stop-system）.
- Sa mga tumatanggap ng mortgage deduction sa unang taon, medical expense deduction, atbp.

Konbinyente ang pagfile mula sa CP o PC

Maaaring kailanganin ang kopya ng iyong huling income-tax return kapag nagrenew o nag-iba ang inyong status of residence(visa). Mangyaring itago at ingatan ito.



**Panahon ng aplikasyon： Pebrero 17（Lunes）hanggang Marso 17（Lunes）**

### Mga Kailangan sa pag-apply ng Final Income Tax Return:

1. Application form ng final income-tax return（Makukuha sa tax office）
   *Kung mayroon kang My Number, kakailanganin mo ring punan ang impormasyon nito
2. Katibayan ng kita sa taong 2024（Withholding income cert.）　3. I.D. card（Residence card atbp.）
4. Mga kailangan sa mga may dependent（Birth Certificate at remittance certificate sa pagpadala sa inyong dependent sa bansa atbp.）5. Dokumento na kailangan para sa bawas sa insurance（Sertipiko na binabawasan ng Life insurance） 6. Medical expenses deduction（Resibo sa ospital, gamot atbp.）

| Tanggapan sa Kawasaki | Lokasyon at matatawagan | Nasasakupang lugar |
|---|---|---|
| Kawasaki-kita Zeimusho | 2-4-3 Hisamoto, Takatsu-ku, Kawasaki-shi (044-852-3221) | Nakahara-ku, Takatsu-ku, at Miyamae-ku |
| Kawasaki-nishi Zeimusho | 1-3-14 Kamiasao, Asao-ku, Kawasaki-shi (044-965-4911) | Tama-ku at Asao-ku |
| Kawasaki Minami Zeimusho | 3-18 Enoki-cho, Kawasaki-ku, Kawasaki-shi（044-222-7531） | Kawasaki-ku at Saiwai-ku |

◆ Ang impormasyon ay makukuha sa Ingles sa website ng National Tax Agency.
https://www.nta.go.jp/english/taxes/individual/12011.htm

◆ May manwal ng 2023, paghahanda sa pagbabalik ng buwis para sa mga dayuhan（sumangguni rito）
https://www.nta.go.jp/taxes/shiraberu/shinkoku/tebiki/2023/foreigner/index.htm
May paliwanag sa wikang Ingles, Intsik, Biyetnamis, Potugis at Nepalis.

Manual 2023

---

## Magsasagawa ng disaster prevention drill sa Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki. Sumali na!

Sa pagtutulungan ng Nakahara Fire Dept. at ng mga samahan ng purok, magsasama sa pagsasanay ng pag-iwas ng kalamidad ang mga dayuhan at mamamayang hapon.



Para sa higit pang impormasyon

Petsa at oras： Pebrero 21, 2025（Biyernes）10am - 12pm

Lugar： Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki Sa espasyo sa harapan

Nilalaman： May ladder truck、earthquake truck/pagdanas ng lindol, smoke car, AED atbp.

Bayad： Libre

Parehistro : Hindi kailangan. Sa mga sasali,10am mag-uumpisa ang tanggapan

May food-relief tasting！At sa yasashi-Nihonggo mag-uusap！

Makipag-ugnayan： Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki　Tel.：044-435-7000　E-mail: kiankawasaki@kian.or.jp

# Mga kaganapan sa sentro mula Enero – Marso 2025

| Kurso・kaganapan | Petsa at oras | Pagsali | Nilalaman |
|---|---|---|---|
| Masaya at kapaki-pakinabang na kursong Nihonggo para sa mga Dayuhan<br>**Nihonggo**  | Umagang kurso（Martes、Biyernes）<br>Enero 7 - Marso 7<br>am 9:50 -11:50<br>Makipag-ugnay sa info. | ¥9,350（17 na beses）<br>Bukod ang libro | Hahatiin sa konting bilang(1 Klase, 5-8 katao)<br>Mula beginner hanggang advance level<br>Mayroong 8-11 classes<br><br>Tumatanggap na ng aplikante。<br>Mangyaring magdala ng 1 pirasong photo I.D.（3cm x 4cm） |
| | Gabing kurso（Miyerkules）<br>Enero 8 - Marso 5<br>6:30pm - 8:30pm<br>Tumawag para sa info. | ¥4,950（9 na beses）<br>Bukod ang libro | |
| **Spring break Language class Para sa mga bata**<br>English A<br>English B<br>Wikang Espanyol  | Marso 26 (Miyerkules) - 28 (Biyernes)<br>Ingles A 1pm-2pm<br>Ingles B 2:30-3:30pm<br>Espanyol 10:30-11:30 am | ¥3,300（Kasama ang materyales sa pagtuturo）<br>Ang pag-apply ay simula sa Pebrero 21 | Katutubong guro para sa Pambatang Ingles A (Elem.grade1 at 2)<br>Pambatang Ingles B (Elem.Grade 3 at 4)<br>Espanyol (Elem.grade 1 - 5 )<br><br>Halinang mag-aral. |
| Ang progreso ng pagbangon ng Himi City mula sa lindol sa Noto Peninsula<br>Tungo sa pangarap at pag-asa<br><br>Talumpati at awit | Marso 15（Sabado）<br>10:30am-12:30pm<br><br>(Magbubukas ng 10am) | Libre ang admission<br>(Sa unang 200 katao)<br>Simula Enero 16 ang aplikasyon sa website form o tel | Suporta, tulong at pagbawi bilang tugon sa lindol at pagbaha. Ang Himi city, ang gateway sa Noto Peninsula ay gumaganap ng mahalagang papel. Isang kwento sa daan tungo sa pagbangon at mga akitibidad sa suporta para sa mga dayuhang naninirahan na sinalanta ng sakuna. |
| Ika-30 Japanese Speech Contest para sa mga dayuhang mamamayan | Pebrero 8 (Sabado)<br>1pm-3:30 pm<br>Ang social gathering ay 3:30pm-4:30pm | Libre（Kailangan mag-parehistro sa pagsali sa pagtitipon pagkatapos ng Speech contest） | Dayuhan na wala pang 5 taon na naninirahan sa Japan ang pwedeng sumali sa talumpatian<br>Mayroon ding Rakugo performance si Sanyuteikou Seinen. |
| Kurso sa Internasyonal na pag-unawa ng Korea | Marso 8（Sabado）<br>2pm - 4pm | Halaga: ¥550 + Materyales ¥1,000<br>Ang parehistro ay mula sa Peb. 1（Sabado）(Sa unang 24 katao) | Pag-aralan natin ang Korean cuisine sa wikang Koriya！<br>  |

*********************************************************************************

# Pakunsultahan ng mga Dayuhan sa Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki

Huwag mag-atubiling lumapit kung may problema sa pamumuhay at kung may nais itanong. “LIBRE”

Parehistro sa online na konsultasyon　Website ng KIAN

MAAARING KUMONSULTA SA ZOOM ONLINE！

Telepono　０４４-４５５-８８１１

Oras maaring kumonsulta　9am – 5pm

Maaring kumonsulta kahit wala sa araw ng inyong nais na wika (Gagamit ng Triophone interpreter)

| Wika | Araw | Wika | Araw |
|---|---|---|---|
| Ingles | Lunes-Sabado | Chinese | Lunes-Sabado |
| Portugis | Martes at Biyernes | Espanyol | Martes at Miyerkules |
| Koriya/Tsosen | Martes at Huwebes | Filipino | Martes at Miyerkules |
| Biyetnamis | Martes at Biyernes | Taylandes | Lunes at Martes |
| Indonisya | Martes at Miyerkules | Nepalis | Martes at Sabado |

## Libreng pakonsulta sa Admistrative Scrivener

**Tuwing ika-3 linggo ng buwan. Ang konsultasyon ay sa Nihonggo. Kung nais ng interpreter may bayad.**

Pebrero 16（Linggo）at Marso 16（Linggo） 2pm – 4pm （2F Center meeting room）